



Ang Dragon Fruit o Pitaya ay mula sa pamilya ng "cactus".

Binansagan itong "Queen of the Night", "Lady of the Night" o kaya naman ay "Moonflower" dahil ang bulaklak nito ay lumalaki kapag gabi lamang.

**Katangian**

Ang bunga ng dragon fruit ay malaki, *oblong*, may kulay pula na balat at kulay berde na kaliskis. Ang ibang barayti ay mapula-pula, ang iba naman ay mala-dilaw.

Ang balat ay nag-uumpisang magbago ang kulay pag umabot na ito sa 25 hanggang 30 araw pagkalabas ng bulaklak.

Ang ugat ng dragon fruit ay may lalim na 15-30 cm lamang. Ang bunga ay umaabot ng humigit kumulang isang kilo ang isa.

Ang prutas nito ay pwedeng kainin ng sariwa o maaari ring gawing juice. Ang iba namang *by-products* nito ay ginagawang alak, suka at iba pang produkto.

**Benepisyo ng Dragon Fruit**

Sinasabing maraming benepisyo sa Dragon Fruit tulad ng:

- nakakabuti sa may karamdaman na *arthritis* at *osteoarthritis*
- nakakapagpababa ng kolesterol
- nagkokontrol ng *blood glucose level* sa *type 2 diabetes*
- mataas sa fiber at mayroong bitamina C, A at E
- pampatalas ng memorya
- tumutulong sa pagbuo ng mga tissue sa katawan
- maganda sa mata at ngipin at nagpapalakas ng buto
- nakakatulong sa panunaw at nakakapagpabawas ng timbang
- nagpapakinis ng balat
- nakakatulong sa pag-iwas sa nabubuong kanser.

**Tatlong (3) Klase ng Dragon Fruits**



1



2



3

1. *Hylocereus undatus* – pula ang balat at puti ang laman

2. *Hylocereus polyrhizus* – pula ang balat at laman.

3. *Selenicereus megalanthus* - dilaw ang balat at puti ang laman.

**Pagtatanim at Pangangalaga Nito**

Ang Dragon Fruit ay magandang itanim sa tropical na lugar. Madali itong lumaki pati na rin ang bunga nito. Tatagal ang buhay nito kung matibay ang kinakapitan ng puno at naaarawan sa maluwag na lugar. Sa tamang pag-aalaga, maaari itong mabuhay hanggang dalawampung- taon *(life span of around 20 years).*

**Pagbabalag**



1. Lagyan ng poste o balag ang dragon fruit na may walong (8) piye ang taas. Ibaon ito nang 2 piye sa lupa. Maaaring konkreto o di kaya'y matibay na kahoy tulad ng madre cacao.



2. Lagyan ng balag sa itaas nito na magsisilbing kayapan ng sanga nito. Maaaring gumamit ng kahoy o konkreto na parisukat o bilog o kaya naman ay pinaglumaang gulong ng motorsiklo.
3. Ihanay ito nang may 3 metro ang layo sa bawat poste at 4 na metro sa kada linya.
4. Sa bawat poste, magtanim ng 3-4 na piraso ng dragon fruit.
5. Habang bata pa, mainam na itali agad sa poste ang sanga nito upang maiwasan ang pagbagsak nito sa lupa na magdudulot ng pinsala dito.

**Pagpupruning o Pagbabawas ng Sanga**



Ang mga gamit sa pagpu*pruning* ay kailangang lagyan ng *disinfectant* tulad ng pamatay amag. Ang parte na na*pruning* ay magbubuo ngpanibagong sanga at bulaklak. Ang mga naputol na parte ng halaman ay kailangang alisin lalo na kung ito ay may impeksyon at sakit. Samantala, ang mga walang impeksyon na sanga ay maaring gamiting pananim o pataba.

**Paglalagay ng Pataba**

Ang dragon fruit ay nangangailangan ng mataas na aplikasyon ng pataba. Maaaring maglagay ng 4 na kilo ng compost kada apat (4) na buwan at may dagdag na 100 gramo ng di-organikong pataba.

Ang calcium at iba pang pangunahing sustansya ay kelangang ilagay upang mapahusay ang paglaki ng laman at bunga.

## Pag-aani

Sa pag-aani, malalaman kung hinog na ang bunga sa pagpula ng kulay ng petal nito. Karaniwang inaani ito sa buwan ng Hunyo hanggang Oktubre. Ang pangalawang ani naman ay sa buwan ng Disyembre hanggang Enero.



Pagkalipas ng 30-50 araw pagkatapos nitong mamulaklak, ang prutas ay maaari nang pitasin.

## Pagpaparami ng Pananim

Napaparami ang dragon fruit sa pamamagitan ng buto subalit mas karaniwang ginagamit ang *stem cuttings* o pagpuputol ng mga sanga nito na may sukat na 6 hanggang 12 pulgada ang haba.



Upang maparami ang pananim, pagkatapos mag-ani, mag-iwan lamang ng 50 na pangunahing sanga at sa bawat pangunahing sanga ay mag-iwan ng 1 o 2 na pangalawang sanga. Ang pangatlo at iba pang sanga ay dapat nang alisin.

Sa pagtatanim ng *stem cuttings*, maghukay ng 2 pulgada sa inihandang lagayan o *plastic bag*. Hayaan ito sa punlaan ng mga dalawang buwan bago ilipat sa permanenteng taniman na may maluwang na espasyo.



### Pinagkunan ng Teknolohiya

- **Rosanna Perido**, author ng "*Pagtatanim ng Dragon Fruit*"
- Publikasyon mula sa **Mariano Marcos State University** "*How to Grow Dragon Fruit "Saniata"*"
- **Jay-ar B. Madriaga,** Agriculturist I ng ATI MiMaRoPa


DEPARTMENT OF AGRICULTURE • AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE • 1987

**Agricultural Training Institute—MiMaRoPa**
Information Services Section
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

(+63) 939-9166-473 / (+63) 917-843-2654
www.ati.da.gov.ph/mimaropa
atibarcenaga@yahoo.com
ati mimaropa
ati mimaropa
@atimimaropa


# Gabay sa Produksyon ng



# DRAGON FRUIT